**LESSON 6: ANG BIBLIA**

**PAGSAMBA AT PANALANGIN:**

Umawit ng 1-2 papuring awit at ipanalangin ang kapayapaan sa bansa, ang paglaganap ng ebanghelyo, paglukob ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at katagumpayan ng discipleship meeting.

**PANIMULA:**

Mga Tanong:

1. Ilan ang nabahaginan mo ng Juan 3:16? Ilan ang naturuan mo ng Lesson 1-5?
2. Anu-Ano ang mga hadlang sa iyo sap ag-eebanghelyo? Sa pagbabahagi mo ng Lessons 1-5? Ano ang mga solusyon mo para dito?
3. Gaano kahalaga s aiyo ang personal nap ag-aaral ng Biblia? Ipaliwanag.

Magtalaga ng magbibigkas ng Memory Verse.

**TALAKAYAN:**

Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na talata.

1. **Awit 1:1-3**
   Mapalad ang taong hindi namumuhay ayon sa payo ng masasama,
   o sumusunod sa mali nilang halimbawa,
   at hindi nakikisama sa mgataong nangungutya.
   Sa halip ay nagagalak siyang sumunod sa mga aral na mula sa Panginoon,
   at araw-gabi ito ay kanyang pinagbubulay-bulayan.
   Ang katulad niya'y isang punongkahoy na itinanim sa tabi ng sapa,
   na namumunga sa takdang panahon at hindi nalalanta ang mga dahon.

2. **Awit 119:105**
   Ilawan sa aking mga paa ang salita mo at liwanag sa landas ko.

3. **Awit 119:130**
   Ang paghahayag ng iyong mga salita ay nagbibigay ng kaliwanagan;
   nagbibigay ng unawa sa walang karunungan.

4. **Joshua 1:8**
   Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag aalisin sa iyong bibig, kundi ito ay iyong pagbubulay-bulayan araw at gabi, upang iyong masunod ang ayon sa lahat ng nakasulat dito; sapagkat kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at magtatamo ka ng tagumpay.

5. **Mateo 4:4**
   Ngunit siya'y sumagot, "Nasusulat, 'Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos.'"

6. **Hebreo 4:12**
   Sapagkat ang salita ng Diyos ay buháy, mabisa, at higit na matalas kaysa alin mang tabak na may dalawang talim, at tumatagos hanggang sa pinaghihiwalayan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak sa buto, at may kakayahang kumilala ng mga pag-iisip at mga hangarin ng puso.

7. **2 Timoteo 3:16-17**
   Ang lahat ng mga kasulatan ay kinasihan ng Diyos at mapapakinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa katuwiran, upang ang tao ng Diyos ay maging ganap, nasasangkapang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti.

   **Tanong:**
   Ano ngayon ang masasabi mo sa kahalagahan ng pagbabasa ng Biblia?

**MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN:**

1. Ang Biblia ay nagdudulot ng kasiyahan, katagumpayan, at kasaganaan sa buhay.
2. Ang Biblia ay nagtutuwid ng landas ng buhay, nagtutumpak sa maling pag-iisip, at nagpapatalas ng kaisipan.
3. Ang Biblia ay nagtuturo ng kalikasan ng Diyos at ng kanyang banal na kalooban.
4. Ang Biblia ay nagsasanay sa atin para sa makabuluhang paglilingkod sa Diyos.
5. Paano gumawa ng Devotional Journal:
   Magsimulang magbasa ng isang kapitulo sa Biblia sa bawat araw. Magsimula sa Ebanghelyo ni Juan. Isulat ang mga natutuhan gamit ang acronym na LAMP hango sa Awit 119:105.

   **L - essons** (Anu-ano ang mga natutunan mo na katuruan sa iyong binasa, magsulat ng 2-4 na lessons)

   **A - pplication** (Paano mo ito ia-apply sa personal mong buhay?)

   **M - emory Verse** (Ano ang pinaka-personal na talatang nabasa mo ngayong araw? Kabisaduhin ito.)

   **P - rayer** (Isulat ang iyong prayer o prayer requests)

**MEMORY VERSE:** Awit 119:105 / 1 Juan 5:14-15

**TAKDANG ARALIN:**

a. Isulat ang 5-10 pangalan ng mga taong mahalaga s aiyo na nais mong bahaginan ng mga lessons. Siguraduhin na mayroon na 3 o higit pa na sisimulan mong turuan ng mga lessons sa darating na lingo. Ipag-ayuno ang mga tao na nais mong turuan ng mga lessons.
   1.
   2.
   3.
   4.
   5.
b. Ipanalangin araw-araw ang mga pangalan na isinulat mo.

c. Magbahagi ng mensahe ng kaligtasan sa 3 tao at magpamigay ng 20-30 Gospel tracts. (siguraduhing nakalagay ang iyong pangalan o ng simbahan at contact number sa likod ng gospel tract)
d. Ibahagi ang Lesson 1 sa mga malalapit na kamag-anak o kaibigan.
e. Pag-aralan ang susunod na lesson para sa susunod na pagkikita.

**CATCH THE VISION:**

Bakit kailangan nating ipahayag ang Salita ng Diyos sa iba? (Basahin ang Judas 1:23)

**MANALANGIN PARA SA BAWAT ISANG KASAMA SA GRUPO**

1. Para sa pananampalataya na magpatuloy at hindi tumalikod.
2. Para sa kapayapaan ng isip.
3. Para sa paglagong espirituwal sa buhay Kristiyano.
4. Para sa lakas ng loob at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbahagi ng leksiyon na ito sa iba at magdisipulo ng ibang mananampalataya.
5. Para sa kagalingan ng mga sakit.
6. Para sa financial blessing.
7. Para sa pastor at sa kanyang pamilya.
8. Para sa iba pang pangangailangan.